

Referral Letter (sulat pampagsasangguni) Para sa Social Security Administration (SSA o o pangangasiwang pagpananagot para sa lipunan)

Para sa Tauhan ng SSA Field Office: Gamitin ang EV-STAR at Tingnan ang POMS RM 10245.005ff

Apelyido ng Employee		Pangalan ng Employee	
Social Security Number ng Employee		Buwan/Taon ng Kapanganakan ng Employee	
Petsa ng ng pag-refer sa SSA		Case Verification Number (pagpapatunay sa kaso)	
<p>Mga Dahilan sa Referral Letter na ito:</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi Magkapareho ng SSN: Di-magkapareho ang pangalan at/o kapanganakan na ipinasok para sa employee na ito sa mga record ng Social Security Administration.</p> <p><input type="checkbox"/> Mali ang SSN: Hindi tama ang Social Security number na ipinasok sa E-Verify, ayon sa mga record ng Social Security Administration.</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi mapatibayin ng SSA ang U.S. Citizenship: Di-magkapareho sa mga record ng Social Security Administration ang citizenship status (kalagayang pangmamayan) na pinili para sa employee na ito.</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi mapatunayan ng record sa SSA, ibang dahilan: May mahanap ang Social Security Administration ng di-pagkasusundo sa record ng employee na ito.</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi ma-process (masagawa) ng SSA ang data: May mahanap ang Social Security Administration ng di-pagkasusundo sa record ng employee na ito.</p>			

Mga Tagubilin para sa Employer (nagpapatatrabaho)

MAHALAGA

Dapat pirmahan at lagyan ng petsa ng employee sa sumusunod.

1. I-review (pag-usapan) ang Referral Letter na ito (nang kayong dalawa lamang) sa employee sa pinakamaagang panahong maari.
2. Tiyaking tama ang pangalan, Social Security number at buwan/taon ng kapanganakan na nasa tuktok ng Referral Letter na ito. Kung hindi tama ang impormasyong ito, dapat i-close (itigil) ninyo ang kasong ito sa E-Verify at magharap ng bagong kaso na mayroong tamang impormasyon.
MAHALAGA: Kung hindi nakababasa ang employee, kailangang basahin ninyo ang Referral Letter na ito sa employee. Kung hindi nakaiintindi nang tama ng Ingles ang employee, at nagsasalita ng Kastila, Intsik, Haitian-Creole, Hapon, Koreyano, Ruso, Tagalog o Vietnamese, dapat bigyan ninyo ang employee ng Referral Letter na ito na nasa isa sa mga wikang ito, na mahahanap sa 'View Essential Resources (tignan ang mga pangunahing gamit-yaman)'.
3. Dapat pirmahan at lagyan ng petsa, ninyo at ng employee, ang letter na ito sa inilaan na space (lugar) sa sumusunod.
4. Bigyan ninyo ang employee ninyo ng copy ng napirmahan na Referral Letter na ito at ikabit ang copy sa Form I-9 ng employee. Bigyan-alam ang employee na kailangang ninyang dalhin ang Referral Letter na ito pag punta niya sa SSA field office (sangay na tanggapan).

Ganapin ang lahat ng mga nakalaan na puwang sa sumusunod.

Pangalan ng Employer

Pangalan ng Kinatawan ng Employer	Phone Number ng Kinatawan ng Employer
Pirma ng Kinatawan ng Employer	Petsa
Pirma ng Employee	Petsa

Mga Tagubilin para sa Employee

Bakit Kayo Tumanggap ng Referral Letter (sulat pampagsasangguni) para sa Social Security Administration (SSA)

Kalahok ang employer ninyo sa E-Verify., isang program na pinamamahalaan ng U.S. Department of Homeland Security (DHS) at ang Social Security Administration (SSA). Kino-compare (pinagtutulad) ng E-Verify ang mga kaalaman na inilagay ninyo sa Form I-9, Employment Eligibility Verification (pagpatunay ng pagkakarapat-dapat sa pagtrabaho), sa mga record ng pamahalaan para patunayan na napahintulutan kayong magtrabaho sa United States.

Tumanggap kayo ng Referral Letter na ito dahil ipinakita ng E-Verify na di-kapareho sa mga record ng SSA ang impormasyon na ipinasok sa E-Verify mula sa Form I-9 ninyo. Tumanggap kayo ng 'Patalastas ng SSA sa Employee ng Tentative Nonconfirmation' at nagpasya kayong tutulan. Hindi ibig sabihin nito na nagbigay kayo ng maling kaalaman sa employer ninyo o na hindi kayo napahintulutan na magtrabaho sa United States.

Maaring mangyari ang SSA Tentative Nonconfirmation kung:

- Nagpalit ang citizenship (pampagkamamayan) o immigration status (kalagayang pampagdayo) mula noong natanggap ninyo ang Social Security number ninyo.
- Hindi kayo nag-ulat sa SSA ng pagpalit ng pangalan ninyo.
- Na-record nang mali sa mga record ng SSA ang pangalan, Social Security number o kapanganakan ninyo.
- May iba-pang uring di-pagkakapareho sa SSA record ninyo.
- Hindi naipasok ng employer ninyo ang tamang kaalaman ninyo sa E-Verify.

Ano Ang Kailangan Ninyong Gawin

1. Tiyaking tama ang pangalan, Social Security number at buwan/taon ng kapanganakan na nasa tuktok ng Referral Letter na ito. Sabihin ninyo kaagad sa employer ninyo kung may maling kaalaman.
2. Kailangang magpunta kayo sa SSA Field Office sa loob ng **8 Federal Government workday** (araw ng pagtrabaho) mula sa petsa ng Referral Letter na ito, o di-lalampas sa **_ / _ / _ (MM/DD/YYYY)**, upang lutasin ang kaso ninyo.

Upang makahanap ng SSA field office, dalawin ang www.socialsecurity.gov/locator o tumawag sa SSA sa 800-772-1213 (TTY: 800-325-0778). Kung nakatira kayo sa isang lugar kung saan may Social Security Card Center, maaring utusan kayong pumunta sa Card Center.

Hindi maaring kumilos nang makasasama sa inyo ang employer ninyo dahil sa pagpasya ninyong tutulan ang TNC o habang hindi pa tapos ang kaso ninyo sa SSA. Kabilang sa mga makasasamang kilos ang: pag-terminate, pag-suspend ng pagtrabaho, pagpigil ng sahod o pagsasanay, pag-atraso ng panimulang petsa o anumang pagtakda sa pagtrabaho.

3. **Dalihin ang Referral Letter na ito kapag pumunta sa SSA field office.**
4. Dalihin ang sumusunod na mga **original** na document kapag pumunta sa SSA office, kung nasa inyo. Kailangang makita ng SSA ang:
 - a. Katibayan ng **edad** ninyo, halimbawa, isang birth certificate o passport.
 - b. Katibayan ng (araw ng pagtrabaho) ninyo, halimbawa, isang driver's license mula sa isang U.S. state
 - c. Katibayan ng isang **legal na pagpapalit ng pangalan**, tulad ng marriage certificate, kung nagpalit kayo ng pangalan mula noong una ninyong natanggap ang SSN card ninyo; at
 - d. Katibayan ng **kalagayan ng pagpapahintulot na magtrabaho**:
 - Kung U.S. citizen kayo: katibayan ng **U.S. citizenship** ninyo, halimbawa, isang Naturalization Certificate, U.S. birth certificate na pambayan, o U.S. passport, o
 - Kung hindi kayo U.S. citizen: katibayan ng **kalagayan ng pagpapahintulot na magtrabaho para sa legal na dayuhan**, halimbawa, isang Permanent Resident (naninirahan nang pirme) Card (Form I-551 o "green card"), Employment Authorization (pahintulot na magtrabaho) Document (Form I-766), o Arrival-Departure (pagdating-pagalis) Record (Form I-94) na nagpapakita ng pagpapahintulot na magtrabaho.
5. **Mahalaga ang Referral Letter na ito** – magtabi ng copy para sa record ninyo.
6. Bigyan-alam kaagad ang employer ninyo kung magbago ang anumang impormasyong binigay ninyo na bunga ng pagpunta ninyo sa SSA field office para maisapanahon ng employer ninyo ang kanilang mga record.

Para sa Karagdagang Kaalaman

Upang makiugnay sa SSA, tumawag sa 800-772-1213 (TTY: 800-325-0778) o dalawin ang website ng SSA sa www.socialsecurity.gov. Upang makahanap ng SSA field office na malapit sa inyo, dalawin ang www.socialsecurity.gov/locator.

Para sa karagdagang kaalaman sa E-Verify, kabilang ang aming mga gawing paglilihim at patakaran sa program, dumalaw sa E-Verify website sa www.dhs.gov/E-Verify.

Pag-uulat ng Mga Di-pagsunod

Kung naniniwala kayo na lumabag ang employer ninyo sa mga patakaran ng E-Verify, o tinatro kayo nang may discrimination o hindi pantay na pamamaraan, hinihikayat namin kayo na isumbong ito. Upang isumbong ang maling paggamit ng employer, mga paglabag sa pagkalahim, at karaniwang pagdaing sa E-Verify, i-contact ang E-Verify Employee Hotline sa 888-897-7781 (TTY: 877-875-6028 for the hearing impaired) or e-mail E-Verify@dhs.gov.

Para magsumbong ng discrimination sa pinagtatrabahuhan batay sa citizenship, immigration status o pinanggalingang bansa ninyo, o iba-pang di-tamang paggamit ng E-Verify, makiugnay sa Department of Justice [kagawaran ng katarungan], Civil Rights Division [sanghay pangkarapatan ng mga mamayan], Office of Special Counsel for Immigration Related Unfair Employment Practices (tanggapan ng tanging tagasangguni para sa mga di-makatwirang gawi sa trabahong may-kinalaman sa immigration) sa 800-255-7688 (TTY: 800-237-2515). Para sa karagdagang kaalaman, dalawin ang website ng Office of Special Counsel sa www.justice.gov/crt/osc.